

Grenfell Memory Project



Mga Panukala para sa Pormal na Konsultasyon

19 Mayo 2026 – 11 Agosto 2026

Brochure ng konsultasyon

Mga nilalaman

Paunang Salita – Jonathan Smith, Komisyoner ng Sunog sa London	1
Tungkol sa dokumento ng konsultasyon na ito	2
Background	3
Para kanino ang Grenfell Memory Project?	4
Ang orihinal na mga panukala ng Grenfell Memory Project	5
Ang aming binagong diskarte sa pagbuo ng Grenfell Memory Project	5
Paano namin binubuo ang Grenfell Memory Project	6
Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)	7
Mga panukala sa konsultasyon	8
Paano hinubog ng feedback sa pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon ang aming mga panukala sa konsultasyon	10
Paano ihahatid ang mga iminungkahing proyekto	12
Estratehikong plano sa mga pinal na panukala at mga susunod na hakbang	15
Mga bagay na dapat ikonsidera	16
Ipahayag ang iyong opinyon	17

Paunang salita

Salamat sa paglalaan ng oras na makilahok sa pampublikong konsultasyon na ito para sa Grenfell Memory Project. Ang iyong pagpayag na makisali ay lubos na pinahalagahan.

Itinakda ng dokumentong ito ang aming mga panukala para sa Grenfell Memory Project, na idinisenyo kasama ng mga claimant ng Alternatibong Resolusyon sa Alitan (ADR), kabilang ang malalapit na kapamilya ng mga namatay, nakaligtas at residente. Isang napakalaking pribilehiyo na makinig sa mga nagbahagi ng kanilang mga karanasan, ideya at pag-asa sa yugto ng pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon noong nakaraang taon. Ang kanilang mga kontribusyon ay direktang humubog sa mga rekomendasyon na itinakda sa ulat ng pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon at gusto kong personal na pasalamat ang lahat ng nakibahagi para sa kanilang pagiging bukas, kagandahang-loob at tiwala.

Ang sunog sa Grenfell Tower noong ika-14 Hunyo 2017 ay ang pinakamahalagang sunog sa United Kingdom mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang epekto nito ay patuloy na nararamdaman ng mga pamilya at kaibigan na nawalan ng mga mahal sa buhay, nakaligtas, residente, at mas malawak na komunidad ng North Kensington, at nananatili itong malalim na nakaukit sa ating pambansang budhi. Naging dahilan din ito para sa makabuluhang pagbabago sa loob ng Hukbong Pamatay-Sunog ng London (LFB), na nag-udyok sa amin na magnilay nang malalim, repormahin ang aming mga operasyon at magtrabaho para muling buuin ang tiwala sa mga komunidad ng Grenfell.

Ang Grenfell Memory Project ay nagmula sa isang kasunduan sa sibil na pag-aayos o kasunduan sa sibil na pag-aayos na naabot noong 2023 sa pagitan ng mga claimant ng ADR at ilang mga organisasyong nasasakdal, kabilang ang LFB. Ito ay bahagi ng isang mas malawak na paglalakbay sa Panunumbalik na Hustisya o Restorative Justice. Bagama't alam nating malayo pa ang mararating, hinahangad ng proyektong ito na:

- tumulong sa pag-aayos ng mga ugnayan sa pagitan ng LFB at mga komunidad na naapektuhan ng sunog sa Grenfell Tower
- parangalan ang mga nasawi
- lumikha ng makabuluhan at pangmatagalang pamana para gunitain ang sunog sa Grenfell Tower.

Iniiimbithan ng konsultasyon na ito ang mga pamilya, kaibigan at miyembro ng komunidad ng Grenfell na ibahagi ang kanilang mga pananaw sa aming mga panukala para sa Grenfell Memory Project. Mayroong ilang mga paraan para makilahok, tulad ng itinakda sa ibang pagkakataon sa dokumentong ito. Mahalaga ang iyong mga pananaw, at kami ay nakatuon sa pakikinig nang mabuti at maingat sa lahat ng sasabihin mo sa amin bago gumawa ng anumang desisyon. Nagpapasalamat kami sa iyong oras at boses, at umaasa kaming makarinig mula sa iyo.

Jonathan Smith

Komisyoner ng Sunog sa London (London Fire Commissioner)



Ang Panunumbalik na Hustisya o Restorative Justice ay...

"Pagkonsidera ng, mga talakayan tungkol at pagpapatupad ng mga hakbang na maaaring hangarin ng mga nauugnay na partido na makamit, para markahan at gunitain ang sunog sa Grenfell Tower at ang mga namatay o nagdusa bilang resulta nito."

Ang Kasunduan sa Sibil na Pag-aayos o Kasunduan sa Sibil na Pag-aayos, 2023

Tungkol sa dokumento ng konsultasyon na ito

Nagbibigay ang brochure na ito ng pangkalahatang-ideya sa aming mga panukala sa konsultasyon para sa Grenfell Memory Project. Ang mga karagdagang materyal na sumusuporta ay makukuha rin sa aming nakatuong webpage kasama ang, ang independiyenteng Ulat sa Pakikipag-ugnayan Bago ang Konsultasyon, Pagsusuri sa Epekto ng Pagkakapantay-pantay, Plano ng Pakikipag-ugnayan at Komunikasyon sa Konsultasyon, Mga Madalas Itanong (Mga FAQ), at isinalin at Madaling Basahin na mga materyales.

Ang mga mapagkukunang ito ay idinisenyo para tulungan kang magbigay ng kaalaman at makabuluhang puna.

Kasama ng brochure na ito ang **Kuwestyonaryo sa Konsultasyon** para sa Grenfell Memory Project. Mangyaring kumpletuhin ito at ibalik ito sa amin nang walang bayad gamit ang sumusunod na address:

Grenfell Memory Project
London Fire Brigade
169 Union Street, London SE1 0LL

Maaaring humiling ng mga FREEPOST na sobre.

Available din ang brochure na ito sa aming website, kasama ang mga alternatibong format tulad ng mga pagsasalin sa mga wika ng komunidad at isang bersyon na Madaling Basahin. Kung kailangan mo ang impormasyong ito sa iba pang format, gagawin namin ang aming makakaya para matugunan ang mga kahilingan mo.

Maaari mo itong hilingin sa pamamagitan ng pag-email sa aming nakalaang inbox sa: **grenfell.engagement@london-fire.gov.uk**, o padalhan kami ng text message sa **07385 382 580** na nagsasabi kung ano ang iyong mga pangangailangan.



Willie Thompson Nakaligtas sa sunog sa Grenfell Tower at miyembro ng Malayang Lupon ng Tagapayo (Independent Advisory Panel) ng LFB.

Background

Ang Hukbong Pamatay-Sunog ng London (LFB) ay may matagal nang pangako sa pakikinig at pakikipag-ugnayan sa mga naapektuhan ng sunog sa Grenfell Tower. Kabilang dito ang malalapit na pamilya ng mga namatay, nakaligtas, residente at ang mas malawak na komunidad ng Grenfell.

Ang Grenfell Memory Project ay isang bahagi ng patuloy na gawaing ito at nasa loob nito ang mga pangako ng Panunumbalik na Hustisya o Restorative Justice na ginawa ng LFB sa ilalim ng Kasunduan sa Sibil na Pag-aayos o Kasunduan sa Sibil na Pag-aayos na naabot sa mga claimant ng Alternatibong Resolusyon sa Alitan (ADR) noong Marso 2023.

Bilang bahagi ng kasunduang ito, ang Komisyoner ng Sunog sa London (LFC) ay nangako ng **£8.25 milyon** upang lumikha ng isang Grenfell Memory Project. Ang layunin ng proyekto ay bumuo ng isang makabuluhan at pangmatagalang legacy na nagpaparangal sa 72 buhay na nawala sa sunog sa Grenfell Tower, habang sinusuportahan ang sama-samang pagpapagaling at pagbawi sa loob ng komunidad at pagbangon ng komunidad.

Ang kasunduan ay nagtakda rin ng malinaw na mga prinsipyo para sa kung paano dapat mabuo ang proyekto. Ang LFC ay nakatuon sa pagtiyak na ang mga huling panukala ay:

- poprotektahan at itataguyod ang mga interes ng mga claimant ng ADR, at
- mahubog sa pamamagitan ng buo at makabuluhang pampublikong konsultasyon sa North Kensington at mga komunidad ng Grenfell.

Ang LFB ay nakatuon sa pagkonsulta sa mga komunidad ng Grenfell sa mga detalye ng iminungkahing Grenfell Memory Project.

Kasama ng sariling mga halaga ng LFB, ang Grenfell Memory Project ay ginagabayan ng mga pangunahing prinsipyo ng Panunumbalik na Hustisya o Restorative Justice (RJ):

- Paggalang sa dignidad ng tao;
- Katotohanan sa pamamagitan ng diyalogo;
- Pagkakaisa at Pananagutan; at
- Katarungan at Pananagutan.

Ang mga prinsipyong ito ang nagsisilbing gabay kung paano binubuo ang proyekto.



Si Emma O'Connor nakaligtas sa sunog sa Grenfell Tower, dating miyembro ng Pangkomunidad na Forum ng LFB (LFB Community Forum) at Namumunong Bumbero na si Charles Barton, green watch, Istasyon ng Bumbero ng North Kensington (North Kensington Fire Station).

Background

Para kanino ang Grenfell Memory Project?

Ang sunog sa Grenfell Tower ay nagkaroon ng mapangwasak at pangmatagalang epekto - hindi lamang sa malalapit na kapamilya ng 72 kataong namatay, ngunit gayundin sa mga nakaligtas, mga kapitbahay, at sa mas malawak na komunidad ng North Kensington. Ang mga epekto nito ay patuloy na nararamdaman ngayon, kasama na ang mga taong nakalipat na o lumayo na sa lugar.

Kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa 'North Kensington at/o mga komunidad ng Grenfell' - at tungkol sa kung sino ang nilalayong makinabang sa Grenfell Memory Project – ang ibig naming sabihin ay ang mga sumusunod na grupo:

- Malalapit na kapamilya ng mga namatay, kabilang ang mga asawa o kinakasama, mga magulang, anak, kapatid, mga lolo't lola, mga apo, at isang pamilyang hinirang na kamag-anak.
- Mga nakaligtas sa sunog ng Grenfell Tower, at mga taong nakatira sa loob ng 500 metro mula sa Tower.
- Iba pang malapit na kapamilya ng 72 kataong namatay.
- Mga dating residente ng Grenfell Tower na nakatira sa gusali noong panahon ng sunog ngunit lumayo na.
- Ang mga residente ng North Kensington ay nakatira sa mga sumusunod na ward sa sa oras na ipinatutupad ang proyekto: Golborne, Colville, Notting Dale, St Helen's at Dalgarno.
- Mga claimant ng ADR, na maaaring kabilang sa isa o higit pa sa mga pangkat na nakalista sa itaas.

Ang proyektong ito ay naglalayon na kilalanin, suportahan at parangalan ang mga buhay na nabago ng trahedya – sa pamamagitan man ng personal na pagkawala, kaligtasan ng buhay, pagkakahiwalay o ang kanilang pangmatagalang koneksyon sa sunog sa Grenfell Tower.



Si Intlak Alsaiegh (nasa pinaka-kanan na naka-asul) Elderly Wellbeing Project Manager sa Al Manaar – Muslim Cultural Heritage Center, kasama ang mga lokal na kababaihan mula sa komunidad.

Background

Ang orihinal na mga panukala ng Grenfell Memory Project

Ang inisyal na pananaw para sa Grenfell Memory Project na ipinakita ng ilan sa mga claimant ng ADR sa pamamagitan ng kanilang mga abogado ay may kasamang tatlong magkakaugnay na proyekto:

- **Isang Memorial Archive** – isang digital archive na nag-iingat ng mga tala, testimonya at iba pang materyal na konektado sa Grenfell, kabilang ang lokal at personal na testimonya.
- **Isang Memorial na Eksibisyon** – isang puwang para magbahagi ng mga kuwento, karanasan at pagkakatatuto na konektado sa Grenfell.
- **Isang Pang-edukasyon na Outreach Project** – isang limang taong programa ng mga kaganapan na naka-link sa archive at eksibisyon, kabilang ang mga outreach scholarship. Ang layunin nito ay para matiyak na ang mga aral ng Grenfell, at ang mga karanasan ng mga apektado, ay isinama sa pagsanay at patuloy na pagkatuto sa mga nauugnay na propesyon at industriya.

Ang aming binagong diskarte sa pagbuo ng Grenfell Memory Project

Mula nang maabot ang sibil na pag-aayos o civil settlement, ilang mahahalagang pangyayari ang naganap - kabilang ang Grenfell Testimony Week, ang konsultasyon ng Royal Borough of Kensington at Chelsea (RBKC) Council sa mga hakbangin nito sa Panunumbalik na Hustisya o Restorative Justice, at ang pagkumpleto ng Yugto 2 ng Grenfell Tower Inquiry. Sama-sama, hinikayat ng mga kaganapan na ito ang LFB na huminto at pagnilayan kung ang mga orihinal na panukala ng sibil na pag-aayos o civil settlement ay pinakamahusay na nakakatugon sa mga pangangailangan, prayoridad at pag-asa ng mga claimant ng ADR at ng mas malawak na komunidad ng Grenfell.

Kasabay nito, nagpatuloy ang iba pang kaugnay na gawain, gaya ng mga plano ng RBKC para sa isang archive ng Social Justice (kabilang ang archive ng Grenfell) at ang konsultasyon ng Grenfell Tower Memorial Commission sa hinaharap ng site ng Grenfell Tower. Ang magkakatatulad na prosesong ito ay nakatulong sa paggabay sa aming pag-iisip at itinampok ang pangangailangan para sa kalinawan, koordinasyon at ang pangangailangang i-maximize ang pondo upang maiwasan ang pagdoble.



Bago pondohan ang mga bagong programa, mahalagang imapa ang mga kasalukuyang serbisyo at direktang makipag-usap sa mga kabataan at lokal na organisasyon tungkol sa kung ano ang kulang o kulang sa mapagkukunan.”

Nakaligtas at malapit na kapamilya ng namatay



Nick Burton Nakaligtas sa sunog sa Grenfell Tower, naulilang asawa at dating miyembro ng Pangkomunidad na Forum ng LFB (LFB Community Forum).

Background

Ang Testimony Week ng Grenfell noong Enero 2024 ay lalong mahalaga. Sa loob ng apat na araw, 47 malalapit na kapamilya ng namatay, nakaligtas, at mga residente ang nagbahagi ng makapangyarihan at malalim na personal na mga patotoo sa pamamagitan ng pasalitang kontribusyon, mga recording, nakasulat na mga pahayag at likhang sining.

Marami ang tumugon sa mga organisasyong pinaniniwalaan nilang responsable para sa trahedya. Ang kanilang mga salita ay tapat, emosyonal at direkta - at pinatibay nila ang isang malinaw na mensahe: anumang pamana o gawaing pang-alaala ay dapat na hubugin ng mga tinig ng mga pinaka-apektado. Higit pang impormasyon ay available sa: **www.testimonyweek.co.uk**

Kung paano natin binubuo ang Grenfell Memory Project

Para matiyak na ang Grenfell Memory Project ay hinubog nang maingat at malinaw, binubuo ito ng LFB sa tatlong yugto:

Yugto 1 Pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon

Yugto 2 Pormal na konsultasyon

Yugto 3 Paggawa ng desisyon

Ang phased approach na ito ay idinisenyo para matiyak na ang proyekto ay binuo sa tunay na pakikipag-usap sa mga taong nilayong paglingkuran ng Grenfell Memory Project.



Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

Sa pagitan ng Pebrero at Hunyo 2025, nagsagawa ang LFB ng panahon ng pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon. Sa panahong ito, tumuon kami sa pakikinig sa mga claimant ng ADR – kabilang ang malalapit na kapamilya ng namatay, nakaligtas at lokal na residente – at nag-atas kami ng isang independiyenteng ulat para makuha ang aming narinig. Ang ulat na ito ay makukuha sa aming website https://www.london-fire.gov.uk/media/uakc055d/summary_grenfell-memory-project-report-final-v05_tagalog.pdf

Ang ulat ay nagtakda ng ilang rekomendasyon para sa kung ano ang dapat isama ng Grenfell Memory Project at kung paano ito dapat ihatid. Nakatuon ang LFB na seryosohin ang mga rekomendasyong ito – tinitingnang mabuti ang bawat isa at tuklasin kung paano ito maaaring gawing praktikal, makatotohanang mga plano.

Para gawin ito, nagtrabaho kami sa isang umuulit at mapanimdim na paraan. Ibig sabihin, ang mga ideya ay unti-unting nabuo, hakbang-hakbang, na ang bawat yugto ay hinubog ng kung ano ang natutunan natin sa nauna. Habang umuunlad ang mga panukala, patuloy naming sinuri ang mga ito nang detalyado upang matiyak na ang mga ito ay abot-kaya, legal na tama at tunay na posibleng maihatid. Nagpatuloy ang prosesong ito hanggang sa puntong inihanda namin ang mga pormal na dokumento ng konsultasyon at mga papeles sa pamamahala.



Mahalagang tandaan na ang mga talakayan na nakapalibot sa £8.25 milyon ay batay sa kalunos-lunos na katotohanan ng 72 nasawing buhay.”

Pinagsamang sulat mula sa mga malapit na kapamilya ng namatay



Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

Mga panukala sa konsultasyon

Ang mga panukala ay nakatuon sa **limang pangunahing inisyatiba** na nagmumula sa pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon:

1 Isang limang taong programa ng gawad ng Grenfell Memory Project na sumasaklaw sa tatlong magkakahiwalay na strand

A. Mga gawad ng Personal na Pag-alaala

Para sa malalapit na kapamilya ng namatay.

£3m sa loob ng 5 taon

B. Mga gawad para sa mga kabataang apektado ng Grenfell

Maaaring maging karapat-dapat ang mga kabataan na mag-apply kung matugunan nila ang isa sa mga sumusunod:

a) may edad na 16–25 sa oras ng sunog sa Grenfell Tower at bahagi ng North Kensington at/o komunidad ng Grenfell sa petsa ng sunog; O

b) ay isang kabataang may edad 30 o mas mababa sa oras na maihatid ang proyekto, na may mga karagdagang pangangailangan*, at mula sa komunidad ng North Kensington at/o Grenfell.

£1m sa loob ng 5 taon

C. Mga gawad para sa katatagan ng komunidad

Pinopondohan ang mga grupong lubhang naapektuhan ng Grenfell at mga aktibidad na pinamumunuan ng komunidad sa Anibersaryo ng Grenfell.

£1m sa loob ng 5 taon

2 Isang limang taong programa ng mga aktibidad na pananatili at pang-araw-araw

Para suportahan ang personal na pag-unlad, kumpiyansa at mga kasanayan sa buhay para sa mga kabataan na may edad na 11–15 taon sa oras ng paghahatid ng proyekto at nakatira sa North Kensington at/o bahagi ng mga komunidad ng Grenfell.


£1.5m sa loob ng 5 taon

*Karagdagang pangangailangan ay nangangahulugan ng pamumuhay nang may kapansanan, nahaharap sa panlipunan o personal na mga hamon, o nakakaranas ng hirap.

“

Ang bawat malapit na pamilya... ay maaaring matukoy kung ano ang gusto nilang gawin... Kalayaan na magdisenyo at alalahanin ang sarili nating mga katotohanan sa halip na patuloy na gawin sa pamamagitan ng mga grupo at mga inisyatiba na nagsasantabi.”

Malapit na kapamilya ng namatay



Bahagi ng 'Wall of Truth', nilikha ng komunidad, na matatagpuan sa ilalim ng tulay ng Westway.

Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

- 3 Isang limang taong outreach program na sumusuporta sa mga tao sa komunidad ng North Kensington at Grenfell na interesado sa mga karera sa kaligtasan sa sunog. Ito ay magiging taunang programa ng pagtataguyod ng kamalayan at mga oportunidad, mga naka-target na workshop at magbibigay ng pondo para sa isang kaugnay na kwalipikasyon sa kaligtasan sa sunog**

Ang mga aktibidad sa outreach ay naglalayong itaas ang kamalayan sa, at magbigay ng impormasyon, patnubay, at suporta para sa mga oportunidad sa karera sa kaligtasan sa sunog at ang mga kwalipikasyon na kailangan para maituloy ang mga ito. Bawat taon, 12 tao ang makakasali sa isang serye ng mga workshop (anim) na pinapatakbo ng mga may karanasang propesyonal sa kaligtasan sa sunog mula sa LFB.

Ang mga sesyon ng workshop ay magbibigay ng praktikal na payo, mga pananaw sa karera at suporta para mag-apply para sa Level 3 na Sertipiko sa Kaligtasan sa Sunog na ihahatid ng mga panlabas na provider ng pagsasanay. Ang mga session na ito ay magbibigay din ng suporta at payo para sa mga aplikasyon para sa entry level na mga tungkulin sa kaligtasan sa sunog sa loob ng LFB at iba pang mga organisasyon.

Ang mga gastos sa suportang ito at ang kwalipikasyon ng Level 3 Fire Safety Certificate ay ganap na popondohan ng Grenfell Memory Project.

Inaasahang mapapabuti ng programang ito ang kakayahan ng mga miyembro ng komunidad ng North Kensington at Grenfell na apektado ng mga kalunus-lunos na pangyayari ng sunog sa Grenfell Tower na ma-access ang isang kurso sa kaligtasan sa sunog at mag-apply para sa mga karera sa kaligtasan sa sunog sa loob ng LFB at iba pang mga organisasyon.

£300,000 sa loob ng 5 taon

- 4 Pagbawas sa mga trahedya sa hinaharap**

Pagbuo ng mga resource na pang-edukasyon/Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad (CPD) (na may naka-embed na pag-aaral sa kaso ng Grenfell) bilang bahagi ng pag-impluwensya sa pagbabago ng kultura sa binuong kapaligiran.

£300,000

- 5 Feasibility study (nang walang pangako)**

Para masuri ang posibilidad na mabuhay at mapanatili ang isang community hub na nakatuon sa kabataan sa loob ng lugar ng Grenfell catchment.

£60,000



Mula noong nangyari ang sa Grenfell, ang karahasan sa lugar ay tumaas nang napakabilis, ang kalusugan ng isip din, sa loob ng kabataang populasyon. Bumaba na rin ang kakayahang magkatrabaho. ”

Residente na nakikipagtrabaho sa mga lokal na kabataan

Sama-sama, ang mga panukalang ito ay naglalayong parangalan ang 72 buhay na nawala, tumulong na panatilihin ang buhay ang mga aral ng Grenfell, at suportahan ang mga apektado pa rin, habang pinupunan – hindi paulit-ulit – ang mga umiiral na inisyatiba ng komunidad.

Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

Paano hinubog ng feedback sa pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon sa aming mga panukala sa konsultasyon

Tema	Ano ang inirekomenda ng ulat	Ano ang iminungkahi	Ano ang nais nitong tugunan/katwiran	Mga lugar para sa feedback
Personal na memorya at alaala na pinangunahan ng pamilya	Isang nakalaang sistematikong plano ng gawad para suportahan ang mga personal na proyekto ng memorya	Isahang gawad para sa malalapit na kapamilya ng mga namatay, na sinusupportahan ng payo mula sa Grenfell Engagement team (£3m sa loob ng 5 taon)	Kinikilala na ang pag-alaala ay lubos na personal at magkakaibang kultura, at ang malalapit na kapamilya ay maaaring naisin na parangalan ang mga mahal sa buhay sa iba't ibang paraan	Suporta para sa panukala: Pamantayan sa kwalipikasyon, mga pangangailangan ng suporta ng mga aplikante
Suporta para sa mga kabataang apektado ng Grenfell (16–25 taon sa oras ng sunog sa Grenfell Tower) O may edad hanggang 30 na may mga karagdagang pangangailangan	Mga flexible na gawad para sa edukasyon, pagsasanay at pag-unlad	Mga gawad para sa mga gawaing bokasyonal, pagsasanay at karanasan (£1m sa loob ng 5 taon)	Kinikilala ang pangmatagalang pagkagambala na dulot ng Grenfell sa grupo na ito sa panahon ng yugto ng pagbuo ng buhay	Suporta para sa panukala: Pamantayan sa kwalipikasyon
Mga kabataan (11–15 taon) maagang pagbibinata/pagdadalaga	Mga aktibidad na sumusuporta sa personal na pag-unlad, kumpiyansa at mga kasanayan sa buhay	Isang programa sa mga aktibidad sa pamahayan at sa isang araw na inihahatid sa pamamagitan ng mga lokal na boluntaryong organisasyon (£1.5m sa loob ng 5 taon)	Tinutugunan ang mga puwang sa ligtas, nakabalangkas na lokal na probisyon at sumusuporta sa personal na pag-unlad, kumpiyansa at mga kasanayan sa buhay ng mga kabataan	Suporta para sa panukala: Diskarte sa pakikipagsosyo
Pagkatuto, pag-iwas at pagbabago	Gumamit ng nabuhay na karanasan upang maimpluwensyahan ang pagsasanay, lalo na sa binuong kapaligiran	Pag-embed ng mga testimoniya ng Grenfell sa propesyonal na pagkatuto; catalyst funding upang himukin ang pagbabago ng sektor (£300k)	Tumutugon sa mga tawag para sa Grenfell na humantong sa tunay, pangmatagalang pagbabago at para mag-embed ng karanasan sa propesyonal na pagsasanay sa loob ng binuong kapaligiran	Suporta para sa panukala: Mga propesyon na dapat sangkot

Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

Tema	Ano ang inirekomenda ng ulat	Ano ang iminungkahi	Ano ang nais nitong tugunan/katwiran	Mga lugar para sa feedback
Outreach para magbigay ng access sa pagsasanay sa kaligtasan sa sunog at mga karera	Suportahan ang mga landas patungo sa trabaho	Taunang programa ng pagtataguyod ng mga karera ng kamalayan sa kaligtasan sa sunog, mga naka-target na workshop at pagpopondo para sa isang nauugnay na kwalipikasyon sa kaligtasan sa sunog (£300k)	Pinahusay na kakayahan ng mga tao mula sa na-trauma at dehadong komunidad na ma-access ang isang kurso sa kaligtasan sa sunog at mga karera sa kaligtasan sa sunog	Pagiging accessible
Mga inisyatiba na pinamumunuan ng komunidad	Suportahan ang mga katutubo, mga proyektong may kakayahang pangkultura	Anibersaryo ng Grenfell at mga naka-target na gawad ng komunidad (£1m sa loob ng 5 taon)	Sumusuporta sa pagpapagaling, pagkakaisa at mga grupong hindi katimbang na apektado ng Grenfell	Suporta para sa panukala
Community hub	I-explore ang isang permanenteng espasyo ng komunidad	Independiyenteng feasibility study (walang pangakong suporta) (£60k)	Pagsuri kung ang isang sustainable hub ay makatotohanan, gusto at makakamit	Kung ang hub ay isang priyoridad ng komunidad
Kawalang-tiyak ng anumang mangyayari	Kakayahang umangkop para sa mga prayoridad sa hinaharap	£1.09m ang hawak para tumugon sa mga resulta ng konsultasyon at magbigay ng kontribusyon sa hub, sumailalim sa mga natuklasan ng feasibility study	Tinitiyak na ang anumang hindi nagastos na pera ay naaayon sa mga prayoridad ng komunidad	Ano ang dapat maging priyoridad para sa hindi nagastos na pera

Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

Paano ihahatid ang mga iminungkahing proyekto

Ang lahat ng bahagi ng Grenfell Memory Project ay bubuuin na may patuloy na paglahok mula sa malalapit na pamilya ng mga namatay, nakaligtas at ng mas malawak na komunidad. Nangangahulugan ito na ang mga plano ay patuloy na magkasamang-idinisenyo at hinuhubog ng mga taong dapat nilang suportahan, tinitiyak na ang mga ito ay nagpapakita ng mga tunay na pangangailangan, prioridad at pag-asa.

Ang limang-taong programang gawad

Ang isang pangunahing bahagi ng proyekto ay isang programa ng mga gawad, na nilalayan naming maihatid sa pamamagitan ng isang malinaw na balangkas na may iba't ibang mga strand ng suporta. Ang diskarte na ito ay nagbibigay-daan sa kakayahang umangkop habang tinitiyak pa rin na ang proseso ay patas, malinaw at maayos na pinamamahalaan.

Para matiyak na ang mga gawad ay maayos na pinamamahalaan, ang LFB ay tumitingin sa pakikipagtulungan sa isang independiyenteng organisasyon na may tunay na kadalubhasaan at isang malakas na track record sa pagpapatakbo ng mga programang gawad. Ang programang gawad ay bubuuin sa dalawang yugto:

- **Yugto ng disenyo** – Gusto naming makipagtulungan nang malapit sa mga tao at grupo na ang mga gawad na ito ay nilalayong suportahan para hubugin ang pamantayan at proseso. Kasama ang payo ng eksperto, ang bahaging ito ay sasang-ayon sa mga bagay tulad ng kung sino ang maaaring mag-apply, ano ang maaaring pondohan at kung paano gagana ang proseso.
- **Yugto ng paghahatid** – Ang isang independiyenteng boluntaryong kasosyo sa sektor ay maaaring italaga para patakbuin ang programa. Aasikasuhin nila ang mga aplikasyon, ibibigay ang mga gawad, at susubaybayan kung paano ginagastos ang pera, nag-uulat pabalik sa LFB para matiyak na ang lahat ay ginagawa nang tama.



Nakagawa na ako ng proyekto sa alaala ng aking ama. Ubos na ubos na ako kaya kailangan ko ng pagpopondo para sa mga pangunahing gastos sa pagpapatakbo ng proyekto - iyon ay kung paano ko gagamitin ang aking pondo sa Personal na Alaala. ”

Malapit na kapamilya ng namatay



Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

Ang diskarte na ito ay idinisenyo para panatilihin ang komunidad sa sentro ng paggawa ng desisyon, habang tinitiyak na ang mga gawad ay naihatid nang propesyonal, patas at may malakas na pananagutan.

Limang taong programa ng aktibidad para sa mga lokal na kabataan

Sa panahon ng pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon, sinabi sa amin ng mga nasa hustong gulang at kabataan na gusto nila ng higit pang mga oportunidad para sa mga kabataan na lumago, bumuo ng kumpiyansa at matuto ng mahahalagang kasanayan sa buhay sa labas ng paaralan. Natukoy din namin na may tunay na agwat sa suporta para sa mga kabataang may edad 11–15, lalo na pagdating sa mga nakabalangkas na programa na tumatakbo sa paglipas ng panahon at nag-aalok ng pare-parehong patnubay.

Para tumugon dito, nagmumungkahi kami ng limang taong programa ng mga paglalakbay ng pamahayan at isang araw ng aktibidad para sa mga kabataang may edad 11–15 mula sa mga komunidad ng North Kensington at Grenfell. Ang layunin ay tulungan ang mga kabataan:

- **Bumuo ng kumpiyansa**
- **Bumuo ng mga bagong pagkikipagkaibigan**
- **Palakasin ang mga kasanayang panlipunan**
- **Bumuo ng mga kasanayan sa buhay na susuporta sa kanila hanggang sa pagtanda**

Ang mga aktibidad ay malamang na magaganap sa panahon ng bakasyon sa paaralan, at sa loob ng limang taon ang programa ay naglalayong mag-alok ng humigit-kumulang 600 lugar.

Ang programa ay ididisenyo kasama ng mga kabataan at ihahatid ng isang grupo ng mga umiiral na lokal na organisasyon na may malakas na track record at karanasan sa pakikipagtulungan sa mga kabataan. Ang pagtutulungan sa ganitong paraan ay nakakatulong na maiwasan ang duplikasyon at masulit ang mga kasanayan at kaalaman na nasa komunidad na.

Para suportahan ang kapakanan ng mga kabataan, ang mga tauhan na nagpapatakbo ng mga aktibidad ay makakatanggap din ng pagsasanay para sa kalusugan ng isip, na posibleng sa pakikipagtulungan sa mga serbisyo ng NHS. Makakatulong ito sa pagbuo ng mga pangmatagalang kasanayan sa loob ng lokal na manggagawa at sumusuporta sa mga rekomendasyon mula sa independiyenteng ulat bago ang konsultasyon para palakasin ang pakikipagtulungan at kapasidad ng komunidad.

Limang taong outreach program na sumusuporta sa mga tao sa mga komunidad ng North Kensington at Grenfell na interesado sa mga karera sa kaligtasan sa sunog.

Ito ay magiging taunang programa ng pagtataguyod ng kamalayan at mga oportunidad, mga naka-target na workshop at magbibigay ng pondo para sa isang nauugnay na kwalipikasyon sa kaligtasan sa sunog.

Ang mga aktibidad sa outreach ay naglalayong itaas ang kamalayan sa, at magbigay ng impormasyon, patnubay, at suporta para sa mga oportunidad sa karera sa kaligtasan sa sunog at ang mga kwalipikasyon na kailangan para maituloy ang mga ito.



Ang memorya ay hindi lamang lumilingon sa likod - ito ang tumutulong sa amin na umabante.”

Nakaligtas na bata

Alinsunod sa sibil na pag-aayos o civil settlement, sasakupin ng LFB ang lahat ng gastos sa paghahatid mismo. Nangangahulugan ito na ang buong £8.25 milyon para sa Grenfell Memory Project ay direktang mapupunta sa komunidad.

Mga panukala para sa konsultasyon (bilang tugon sa maagang feedback)

Bawat taon, 12 tao ang makakasali sa isang serye ng mga workshop (6) pinapatakbo ng mga may karanasang propesyonal sa kaligtasan sa sunog mula sa LFB. Kasama sa mga sesyon ng workshop ang praktikal na payo, mga pananaw sa karera at suporta para mag-apply para sa Level 3 na Fire Safety Certificate na ihahatid ng mga panlabas na provider ng pagsasanay. Ang mga session na ito ay magbibigay din ng suporta at payo para sa mga aplikasyon para sa entry level na mga tungkulin sa kaligtasan sa sunog sa loob ng LFB at iba pang organisasyon.

Pagbawas ng mga trahedya sa hinaharap

Kaugnay ng pagpapaunlad ng edukasyon at mga resource ng Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad (CPD) na may mga propesyon sa binuong kapaligiran, makikipagtulungan ang LFB sa mga interesadong pamilya at miyembro ng komunidad, mga pinuno ng industriya at mga nauugnay na developer ng resource na pang-edukasyon/pagsasanay upang makabuo ng mga naaangkop na materyales. Nilalayan din naming galugarin ang posibilidad na isama ang mga umiiral na materyales mula sa iba pang mga resource.

Panukala sa feasibility study

Sa panahon ng pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon, maraming tao ang nagsabing gusto nila ng community hub malapit sa Grenfell Tower – isang praktikal at akakaengganyang lugar kung saan ang mga tao ay maaaring kumonekta, magpagaling at suportahan ang mga kabataan. Dahil hindi maihahatid ng Grenfell Memory Project ang proyektong ito nang mag-isa, kailangan nating maging kumpiyansa na ito ay isang bagay na talagang gusto ng komunidad, na maaari itong maging sustainable sa pananalapi at may mga kasosyo na kaya itong paganahin sa pagsasanay. Iyon ang dahilan kung bakit kami ay nagmumungkahi ng isang independiyenteng feasibility study. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng malinaw, propesyonal na pagtatasa ng mga pangunahing kaalaman:

- **Mayroon bang angkop na lokasyon**
- **Mayroon bang tunay na pangangailangan sa komunidad**
- **Ano ang halaga nito**
- **Sino ang mamamahala nito sa pang-araw-araw na batayan**
- **Sino ang kailangang makilahok**
- **Paano ito mapopondohan at patuloy na tatakbo**

Ang mga pag-aaral na tulad nito ay karaniwang mahal at hindi maabot ng karamihan sa mga grupo ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagpopondo nito sa pamamagitan ng Grenfell Memory Project, ang komunidad ay makakakuha ng ekspertong payo, praktikal na mga rekomendasyon at isang makatotohanang plano para sa kung ano ang kinakailangan para maisakatuparan ang isang hub.

Kahit na nalaman ng pag-aaral na ang hub ay hindi makakamit sa ngayon, makakatulong pa rin ito. Bibigyan nito ang mga residente at grupo ng komunidad ng impormasyong kailangan nila para mapabuti ang ideya, tumingin sa mga alternatibo, bumuo ng mga pakikipagsosyo at bumuo ng iba pang pangmatagalang pamana na proyekto para sa hinaharap.



Ang Grenfell Memory Project ay may potensyal na gumanap ng isang malakas na papel sa pagpigil sa mga trahedya sa hinaharap. Hindi lamang sa pamamagitan ng pagdodokumento kung ano ang nangyari, ngunit sa pamamagitan ng paggawa ng epekto sa tao na imposibleng balewalain. Ang mga kwento, case study, at aral mula sa Grenfell ay dapat gamitin para himukin ang pagbabago ng kultura at pananagutan sa buong binuo na kapaligiran.”

Nakaligtas at malapit na kapamilya ng namatay



Naniniwala kami na ang community hub ay isang mahusay na ideya. Makakatulong ito sa pag-redirect ng mga kabataan, kabilang ang aming pamangkin ... at ang ating mga anak, malayo sa anti-sosyal na pag-uugali at patungo sa isang intelektwal at emosyonal na suportang kapaligiran. Ang hub na tulad nito ay magsisilbing positibo, pang-edukasyon, at ligtas na espasyo para sa mga kabataan at pamilya - isang mahalagang pamana para sa hinaharap.”

Nakaligtas at malapit na kapamilya ng namatay

Estratehikong plano sa mga pinal na panukala at mga susunod na hakbang



Mga bagay na dapat ikonsidera

Maaari mong kumpletuhin ang isang palatanungan online, na makikita sa aming website

<https://www.london-fire.gov.uk/about-us/grenfell-tower-fire/grenfell-memory-project/>

Habang iniisip mo ang tungkol sa mga panukala sa brochure na ito, maaaring makatulong sa iyo na pag-isipan ang mga bahagi sa ibaba:

- Sumasang-ayon ka ba o hindi sa mga panukala para sa Grenfell Memory Project?
- Mukhang tama ba para sa iyo ang mga iminungkahing halaga ng pagpopondo? Sabihin sa amin kung bakit, at huwag mag-atubiling magmungkahi ng anumang alternatibo.
- Mayroon pa bang iba sa tingin mo na dapat nating ikonsidera bago gawin ang mga pinal na desisyon?

Ang iyong mga pananaw ay tunay na huhubog sa susunod na mangyayari. Talagang gusto naming marinig ang iyong mga saloobin - at hikayatin ang inyong pamilya, mga kapitbahay at mga kaibigan sa komunidad ng Grenfell o sa buong North Kensington na ibahagi din ang kanilang mga saloobin.



Ipahayag ang iyong opinyon

Mayroong maraming paraan para sabihin ang iyong sasabihin. Gusto naming gawing mas madali hangga't maaari para sa iyo na ibahagi ang mga pananaw mo. Maaari kang makilahok sa anumang paraan na pinakamahusay para sa iyo:



- **Dumalo sa isa sa aming mga kaganapan:**

Magsasagawa kami ng hanay ng mga pampublikong event kung saan mas marami kang maririnig at maibabahagi ang mga saloobin mo. Sumali sa aming mailing list para maging unang makakaalam kung kailan at saan sila nangyayari, o tingnan ang aming website. I-scan ang QR Code sa itaas.

- **Pumunta para sa isang magiliw na chat sa aming roadshow ng komunidad:**

Lalabas tayo sa mga sikat na lokal na lugar at mga lugar ng komunidad. Pumunta para sa isang chat tungkol sa mga panukala. Ibigay ang iyong mga detalye kung gusto mong ipadala namin sa iyo ang buong iskedyul, o tingnan ang aming website. I-scan ang QR Code sa itaas.



- **Kumpletuhin ang online na talatanungan:**

Ibahagi ang mga pananaw mo mula saanman, anumang oras. I-scan ang QR Code sa itaas.

- **Mag-email sa amin kung gusto mo:**

Maaari mo lamang i-email sa amin ang iyong feedback sa **grenfell.engagement@london-fire.gov.uk**

- **Imbitahan kaming pumunta sa iyo:**

Kung bahagi ka ng isang grupo, o nagho-host ng isang event sa komunidad o tag-init, ikalulugod naming sumama at makipag-usap sa iyo sa pamamagitan ng mga panukala.

- **I-message kami sa social media:**

Maaari mo kaming maabot sa **TikTok** (@londonfirebrigade), **Instagram** (@londonfirebrigade), **X** (@LondonFire) and **Facebook** (Hukbong Pamatay-Sunog ng London, LFB). Padalhan kami ng direktang mensahe at i-follow kami kami para sa mga update.

- **Maging isang Kasosyo sa Komunidad:**

Mag-host ng isang maliit na pagtitipon kasama kami - pagsama-samahin ang 8–10 kapitbahay, kaibigan, o kapamilya mula sa North Kensington at sa komunidad ng Grenfell. Ang mga nakakarelaks at magiliw na pagkikitang ito ay isang pagkakataon para magbahagi ng mga karanasan, makinig sa isa't isa, at tumulong sa paghubog ng isang proyekto na idinisenyo para lumikha ng isang makabuluhang pamana. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga tao, makakatulong kang matiyak na ang mga lokal na boses ay maririnig, pinahahalagahan, at nasa puso ng konsultasyon.*

*Mayroon kaming limitadong bilang ng mga lugar ng kasosyo na available. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa lalong madaling panahon.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa team ng Grenfell Memory Project sa pamamagitan ng:

- Phone, text o WhatsApp: **07385 382 580**
- Email: **grenfell.engagement@london-fire.gov.uk**
- Post: **Grenfell Memory Project, Hukbong Pamatay-Sunog ng London (LFB), 169 Union Street, London SE1 0LL**
Available ang FREEPOST na mga sobre kapag hiniling.



Matuto pa

Para sa buong detalye tungkol sa Grenfell Memory Project, i-scan ang QR code o bisitahin ang: london-fire.gov.uk/memory-project/



Kumuha ng mga regular na update

Mag-sign up sa aming mailing list ng Grenfell Memory Project – i-scan ang QR code na ito

Magkasama, makakalikha tayo ng makabuluhang pamana. Maaari kang humiling ng pagsasalin ng brochure na ito sa pamamagitan ng email: grenfell.engagement@london-fire.gov.uk

Honouring the lives of loved ones lost, creating a lasting legacy.

تکريم ذکری الأحباء وإنشاء تذكّار دائم.

স্বামী পরম্পরা গড়ার স্বার্থে হারানো প্রিয়জনদের প্রতি শ্রদ্ধাঞ্জলি অর্পণ।
ارج نهادن به زندگی عزیزان ازدست رفته، ایجاد میراثی ماندگار است.

Honorer la vie des êtres chers disparus et créer un héritage durable.

Insieme per onorare il ricordo delle persone care e lasciare un'eredità indelebile.

Honarar as vidas de entes queridos perdidos, criando um legado duradouro.

Odavanje pocasti izgubljenim životima voljenih, stvarajući trajno nasleđe.

Maamusida nolosha dadka ehelka ah ee dhintay, abuurista dhaxal waara.

ገንዘብ ወጥ እቶም ዝጠፍኡ እነፍቅሮም ሰባትም ክብር፣ ነባሪ ህይወት ምፍጣር።

Kaybettiğimiz sevdiklerimizin anısına kalıcı bir miras bırakabilmek için çalışıyoruz.

گزرے ہوئے پیاروں کی جانوں کے اعزاز میں ایک دائمی یادگار کی تخلیق۔

Để tỏ lòng trân trọng sinh mạng của những người thân yêu đã mất, tạo nên di sản lâu dài.